

1

“Please, please, huwag ngayon, Betsy Baby,” mariing usal ni Annie habang paulit-ulit na pinipihit ang ignition ng kotse, sabay apak sa gas. Ngunit iilang segundo lang sisigok ang makina nito bago ito mamamatay ulit.

“Buwisit ka! Hindi ka mapakiusapan nang mabuti!” sabi niya habang aburidong lumalabas sa sasakyan. Matapos kunin ang backpack ay pasalya niyang isinara ang pinto niyon.

Pinagsisipa pa niya ang isang gulong ng kotse sa galit, bago pabulung-bulong na lumakad papalayo roon.

Pagkaraan ng ilang minuto ay makulit na niyang pinipindot ang doorbell ng isang blue and white na bahay.

“Teka, teka, nand’yan na. Sino ba’ng makulit na ire? Ang aga-aga pa, eh.” Pinagbuksan siya nito ng gate ng isang matandang katulong. “Ay! Si Annie pala!” sabi nito, sabay ngiti.

“Morning, Manang,” automatic na bati niya rito. Pagkatapos ay tuluy-tuloy na siya sa gilid ng bahay

patungo sa kitchen door.

Sumalubong sa kanya ang masarap na amoy ng sinangag at daing na bangus. Kaagad na naramdaman ni Annie ang pagrarambulan ng bituka niya.

Siya namang pasok ni Mrs. Susan Pingol sa kusina. Kaagad itong napangiti nang makita siya. “O, Annie, Hija, napaaga ka yata ngayon,” bati nito.

“Morning Tita. Makikisabay ho sana ako kay Jay-jay sa pagpasok. Tinopak na naman ho si Betsy Baby, eh,” sabi niya rito matapos itong halikan sa pisngi.

“Ganoon ba? Hindi lang ako sigurado kung anong oras ang pasok ng anak ko at natutulog pa yata pero hamo’t ipapagising ko na siya kay Manang,” sabi nito. Pagkuwa’y siya na nga nitong inutusan ang matanda na nagbukas ng gate sa dalaga. “Kain na muna, Hija, at ilang minuto pa bago bababa si Carlos,” baling nito sa kanya.

“Thank you, Tita. Kayo ho?”

“Mayamaya na ako. Iwan na muna kita at titingnan ko lang ang orchids ko, ha?”

“Opo.”

“Oo nga pala,” pihit nito, “may ipinadalang

package ang papa ni Carlos noong isang araw. May t-shirt at jeans ka 'ata doon."

"Talaga po? Thank you," nakangiting sabi niya. "Kailan po ba magbabalik-bayan si Tito Ernie?" tukoy niya sa asawa nito.

"Matatagalan pa, Hija. Kami nga ni Carlos ang pinapabisita niya sa Canada. Busy pa siya sa negosyo niya't sa balak niyang lumipat ng bahay," sagot ni Mrs. Pingol.

"Ganoon po ba?"

"Oo. O siya, kain ka na." Lumabas na ito patungo sa garden.

Nasa kasarapan pa si Annie ng kinakain niya nang biglang may malakas na nagtapik sa kanyang likod. Napaubu-ubo siya, nabulunan.

"O, heto'ng tubig. Dahan-dahan lang kasi at walang humahabol sa 'yo," nang-aalaska pero may bahid ng pag-aalala ang tinig ni Juan Carlos nang iabot nito ang isang basong tubig sa dalaga.

Matapos uminom ay pagalit na tiningnan ni Annie ang kaibigan. Namumula pa ang mga mata niya sa kauubo. "Langhiya ka, Jay-jay! Papatayin mo ba 'ko?"

“Sorry,” nahihiyang sambit nito. “Hindi ko naman kasi nakita na lumulunok ka pala. At saka, please call me ‘Carlos.’ Na-outgrow ko na ang Jay-jay. Ikaw na lang ang natatanging nilalang sa mundo na tumatawag sa akin nang ganoon.”

“O sige, Carlos na kung Carlos,” patianod niya, sabay tayo at hila sa kamay nito. “Tara na.”

“Teka, teka. Anong tara na?”

“Thahatid mo ako sa university. Nasira si Betsy Baby. May exams ako at 8:30. Dali’t male-late na ako!”

“Hindi mo ba nakikitang naka-shorts at gula-gulanit na t-shirt lang ako? Mamayang hapon pa ang pasok ko, Miss. Kanselado ang klase ko ngayong umaga.”

“Ibig mong sabihin hahayaan mo akong ma-miss ang importanteng exams ko? Mahihirapan na ’kong mag-commute nito. Eh, lumipad na ang kalahati ng inaral ko sa kunsumisyon ko kay Betsy, gaganituhin mo pa ’ko?”

“Sige, umiyak ka. Sakaling maawa pa ’ko,” pang-aalaska nito. “Drama mo, hoy! Dapat Theater Arts ang kurso mo.”

Ngunit hindi sumagot si Annie. Nakayuko niyang

iniiwas ang mukha at nagsimulang suminghot.

“Hey, don’t cry.” Biglang lambot naman ng boses ni Carlos habang hinahaplos ang buhok niya. “Inaalaska lang kita. Puwede ba namang hindi kita ihatid? ’Lika na nga, dali.”

Bigla niyang inangat ang mukha at doon ay nakaguhit ang isang triumphant na ngiti. Mabilis siyang nakatalilis bago pa nito masaklit ang leeg niya na karaniwan nitong ginagawa kapag nag-aasaran sila.

“Dali na, Jay-jay, late na ako!” sigaw ni Annie mula sa labas habang kakamut-kamot naman ng batok ang bagong gising na binata. Isinuot nito ang asul na espadrilles na nasa isang sulok ng kusina at pagkatapos ay dinampot ang susi ng kotse nito sa ibabaw ng refrigerator.

“Nandiyan na po, Señorita!” balik-sigaw nito.

“Thank you, my one and only, ever dearest friend,” madramang sabi ni Annie bago lumabas ng puting *Toyota Corolla* ng kaibigan.

“Tama na ang drama at takbo na.”

“Hindi, may ten minutes pa ako,” sagot niya.

“Susunduin mo ba ’ko mamaya?” hirit niya.

Natatawa na saglit na idinako ni Carlos ang tingin sa mga estudyanteng naglalakad sa daan. “Ano po ba ang oras ng labas n’yo, Señorita?” Tumingin ito nang deretso sa mga mata niya.

“Seven.”

“Sige, upo ka lang diyan sa harap ng building mo at dadaanan kita ng mga seven fifteen, okay? Hanggang seven din ang pasok ko pero manggagaling pa ako sa kabilang dulo.”

“Okey-dokey. ’Bye.”

Sumaludo siya kay Carlos na tinugunan naman ng binata ng saludo rin. Ganoon lagi ang pamamaalam nila sa isa’t isa. Pagkatapos ay nagtatakbo na siya patungo sa building.

Nailing si Carlos habang pinagmamasdan ang anyo ng papalayong kababata.

Naka-blue jeans ang dalaga, pure white na baby t-shirt at sneakers. Nakatago ang naka-braid na mahabang buhok nito sa suot na itim na cap.

Saglit pa niyang nahuli ng tingin nang sikuhin ni Annie ang isang kaklase nitong lalaki na pabirong umakbay rito.

Natawa siya. Komportable siya sa kaalaman na wala pa ring lalaking nakakalapitan ng kalooban ni Annie sa loob ng tatlong taon nito sa kolehiyo. Sila pa rin ang mag-best friend.

Latag na ang dilim sa campus nang marinig ni Annie ang pamilyar at sunud-sunod na pagbusina ni Carlos.

“Sige, ha, una na ako,” paalam niya sa kausap na lalaki.

“Teka, ano nga ang phone number mo?” habol nito.

“Ha?” Kunwari ay hindi niya narinig ang sinabi nito habang humahakbang dito papalayo. Hindi na niya ito muling binalingan. Kumaway na lang siya rito habang lumululan sa kotse.

“Sino ba ang kansusutwit na ’yon?” iritableng tanong ni Carlos habang sinisipatan ang naiwang lalaki sa rearview mirror ng kotse.

“Ba, malay!”

“Kinakausap mo, hindi mo kakilala?”

“Nakipagkilala sa akin siyempre pero hindi ko na

I Love You Today More Than Yesterday - Patricia D. Rodriguez

matandaan ang pangalan niya. Dave or something.”

“Kunwari di mo pa matandaan.”

“Teka, ba’t ba ang sungit mo? Siguro, hindi ka na naman naka-score kay Lynette, ano?” tukso niya.

“Break na kami.”

Kumunot ang noo ni Annie. “Kelan pa?”

“Ngayong hapon lang.”

“Wow! Bilib din ako sa ’yo. Last month lang kayo nag-on, ah, di ba?”

“Sa hindi kami magkasundo, ba’t pa patatagalin?”

Nagkibit-balikat siya. Nakiraan ang katahimikan.

“Sa susunod huwag kang basta-basta makikipag-usap sa kahit sinong lalapit sa ’yo, ha? Malay mo kung rapist ’yon,” biglang sabi ng binata. “Bakit nga pala wala kang kasamang naghihintay roon? Si Bernie?”

“Naunang sinundo ng boyfriend niya. Six pa kami lumabas, eh.”

“Ay ’sus! Di sana nag-jeep ka na lang papunta sa building namin at doon mo ’ko hinintay sa canteen.”

Narinig ni Annie ang buntunghininga ng

kaibigan. “Hayaan ninyo, Tatay, sa susunod alam ko na ang gagawin ko,” biro niya.

Ngunit tinapunan lang siya ng matalim na tingin nito. Nanahimik na lang siya. Wala silang kibuan hanggang sa pagpasok nila sa *Xavierville Subdivision* at hanggang sa paghatid ni Carlos sa mismong tapat ng bahay ng dalaga.

Mag-a-ala-una na ng madaling araw nang umilaw ang *Swatch* phone ni Annie sa tabi ng higaan niya. Naka-negative ang ringer niyon pero dahil hindi naman siya talaga natutulog, kaagad niya iyong nakitang umilaw. Inangat niya ang phone.

“Hello, Annie?” anang tinig sa kabilang linya.

“Jay-jay? Este, Carlos?”

“The one and only.”

“Ba’t ka napatawag?”

“Natutulog ka na ba?”

“Oo. Kinakausap kita sa panaginip ko.”

Narinig niya ang buntunghininga nito. Naghintay siya.

“Hindi ka ba marunong magseryoso?” May iritasyon sa tinig nito.

“Ikaw ’tong tatawag ng alanganing oras, ’tapos magtatanong kung natutulog ako habang kausap mo ’ko, ’tapos magagalit ka kapag binibiro ka. Kinakalikot talaga ng talangka ’yang utak mo, ano, Juan Carlos?”

Narinig niya ang malakas na pagtawa nito. Napangiti rin siya.

“Hay naku, Anastacia, ano ba ang gagawin ko sa ’yo?”

“You can call me ‘Annie,’ for starters.”

“Sorry. Tumawag lang ako para mag-apologize sa inasal ko kanina. Sobrang sungit ko yata. Alam mo naman sigurong ayaw lang kitang mapahamak, di ba?”

“Oo. But don’t overdo it. May tatay ako para sermunan ako. You’re primarily my friend, remember?”

“Okay.”

“Sige, tulog na tayo. Talaga namang tatawagan kita kung hindi ka pa tumawag. Hindi ako makatulog, eh.”

“Pareho tayo. O sige na. Sasabay ka ba ulit sa

'kin bukas?"

"Puwede ba?"

"Oo ba. Kailan ba daw maayos si Betsy Baby?"

"Hay naku! Ewan ko. Nasabon nga ako ni Daddy kanina dahil iniwan ko raw sa gitna ng daan si Betsy. Buti raw nagkataong sa tapat ng bahay nina Mrs. Balbuena ko iniwan at ang katulong raw nito ang pinagbantay sa kotse ko."

"Di dalawang beses kang nasabon ngayon?" biro nito.

"Ano pa? Wala pang banlawan 'ika mo."

Narinig niya ang mahinang pagtawa nito sa kabilang linya. "Good night, my princess."

Saglit na natigilan si Annie nang marinig ang sinabi ng kaibigan. Matagal-tagal na rin siya nitong hindi tinatawag nang ganoon—simula nang tumuntong ito sa kolehiyo, dalawang taon una sa kanya, at makipag-girlfriend ito kaliwa't kanan.

"Good night," sa wakas ay mahinang usal niya.

2

“Annie, baba na d’yan at nasa labas na si Carlos. Doon ka na lang daw hihintayin,” tawag ni Mrs. Rory Villar sa anak.

“Nand’yan na, Ma!”

Ilang minuto pa at humahalik na si Annie sa pisngi ng ina bilang pamamaalam.

“Ingat sa pagmamaneho, Hijo,” sabi ni Mrs. Villar kay Carlos. Nasa loob na ng kotse si Annie at kumakaway sa ina.

“Not to worry, Tita. I’m always careful, lalo na’t ’etong dalaga n’yo ang sakay ko.”

“Tara na nga’t baka maniwala pa sa mga bola mo si Mommy,” sabi ni Annie.

“Bakit? Totoo naman ang sinasabi ko, ah,” kindat nito sa kanya habang pinapatakbo ang kotse. Pagkasabi niyon ay biglang may tumawid na aso sa kalye. Napadiin ang apak nito sa preno at napasubsob siya sa dashboard.

Hawak pa niya ang panga nang pagalit na tiningnan ang katabi. “Careful pala, ha! Lalo na’t

ako ang sakay mo. 'Langhiya, eh, ni hindi pa tayo nakakalabas ng subdivision, napuruhan mo na 'tong mukha ko.”

“Sorry,” nahihiyang sabi nito. “Masakit ba? Patingin nga.” Umakma itong hawakan ang mukha niya.

“O, o, ang daan na lang ang tingnan mo,” sabi niya habang ibinabalik ang kamay nito sa manibela. “Okay lang ako. Teka’t makapag-seatbelt na nga.”

Pagkaraan ng ilang sandali ay binasag ni Carlos ang katahimikan. “Kailan ba raw makukuha sa talyer si Betsy Baby?”

“Sabi ni Daddy, baka next week daw. Bakit? Istorbo ba ’ko? Basta may date ka, sabihin mo lang at puwede naman akong mag-commute.”

“Sus! ’Eto na naman si Best Actress. Nagtatanong lang ang tao, minasama mo na.”

“Ba, malay ko ba kung nagpaparinig ka lang. Hindi naman ako manhid.”

“Hindi ba?”

Napatingin si Annie sa kaibigan. Parang may ibig itong ipahiwatig pero hindi niya mawari kung ano. Ipinagkibit-balikat niya iyon.

“Si Daddy naman kasi,” pag-iiba niya ng paksa. “Noong sinabi niyang reregaluhan niya ako ng kotse pagka-graduate ko ng high school, akala ko ibibili niya ako ng bago. ‘Yon pala’y ‘yung lumang kotse niya ang ipapamana niya sa ‘kin. Eto’t pagkatapos ng tatlong taon, bumibigay na.”

“Ikaw talagang bata ka, hindi ka pa magpasalamat. Buti nga’t kahit na lumang *Lancer*, mayroon ka. Alangan naman palit kayo ng kotse ng daddy mo’t ikaw ang mag-*Civic*?”

“If I know, pag nag-graduate ako sa college, iyon ang ibibigay ni Daddy sa ‘kin.” Tumingin siya sa profile ni Carlos. “Speaking of graduation, graduate ka na this year, ‘Tsong! Buti ka pa.”

“May thesis pa at kukuha pa ako ng board exams.”

“Sisiw lang ‘yon! At least pagkatapos no’n, electrical engineer ka na.”

“Maganda naman ang course mo—Advertising Arts. ‘Yan ang kursong nagre-require ng tunay na talent.”

“Kunsabagay, totoo ‘yan,” patangu-tango niyang sang-ayon.

“Hindi ka rin mayabang, ano, Anastacia?”

natatawang sabi nito.

“Nahawa lang ako sa ’yo, Mr. Pingol.”

“Anastacia!”

“Pingol!”

“Anastacia!”

“Pingol!”

Kapwa sila nagulat sa sunud-sunod na busina sa likuran nila. Clear na ang intersection ay hindi pa sila umaabante. Mabilis silang na-overtake ng isang modelong *Mercedes Benz* na puti.

“Yabang ng unggoy na ’yon. Para naka-*Benz* lang, eh,” ingos ni Annie at saka tinapunan ng masamang tingin ang driver ng *Benz*; hindi tinted ang salamin niyon.

“Kasalanan naman natin,” sabi ni Carlos. “Ikaw kasi.”

“Anong ako? Ikaw!” turo niya rito.

Napailing ito. “Tama na nga. Hindi na tayo mga bata.”

Natahimik si Annie.

Ibinaba siya ng kaibigan sa tapat ng isang

building. “O, ano? Anong oras kita dadaanan?” tanong nito.

“Hindi ako sure kung anong oras, kasi may practical test ako ngayon.”

“I-beep mo na lang kaya ako. Okay?”

“Okay.”

“Bye.” Sumaludo ito.

Ipinagdikit ni Annie ang suot na sapatos, tumayo nang deretso at buong giting na sumaludo.

Bakas pa ang ngiti sa mukha ni Carlos kahit na noong ipinaparada na nito ang *Corolla* sa parking grounds ng building kung saan ang klase nito.

Bumalik sa isip ng binata ang magandang mukha ni Annie. Napabuntunghininga ito.

“Bernie! Bernadette, hintay!”

Humihingal na si Annie nang abutan niya sa corridor ang kaibigan.

“Pahinga ka muna, baka mag-hyperventilate ka,” natatawang sabi ni Bernie. “Maaga ka yata ngayon?”

“Oo, naki-hitch lang kasi ako kay Jay-jay, eh.”

“Kay Carlos, you mean?”

“Wala nang iba.”

“Bakit, ano’ng nangyari sa kotse mo?”

“Hay naku! Bumigay na naman. Ikaw, ba’t maaga ka?”

“Nag-away kami ni Rouel, eh,” tukoy nito sa boyfriend.

Kumunot ang noo ni Annie. “Hindi ko yata ma-gets.”

“Maaga niya akong sinundo kasi dapat magbe-breakfast muna kami, ’tapos maglalalakad sana dito sa grounds, eh, ang kaso nga nag-away kami kaya napaaga ang hiwalayan.” Nagkibit-balikat ito.

“Kaya nga ba ayaw kong makipag-boyfriend, eh,” mayabang niyang tugon. “Away-bati. Bati-away. Hindi ba nakakaloka?”

“*You tell me.*”

“What do you mean?” takang tanong niya.

“Eh, mas madalas pa kayong mag-away-bati, bati-away ni Carlos kaysa sa mga karaniwang mag-boyfriend, di ba?”

“Iba naman ’yon.”

“Ano ang ipinagkaiba, aber?”

“Mababaw lang ang pinagtatalunan namin.”

“At ano naman sa palagay mo ang pinagtatalunan ng mga mag-boyfriend? Mas mababaw pa sa mababaw at malabo pa sa malabo, Mare,” nangingiting sabi nito. “Anyway, back to Carlos and you. Bakit nga ba hindi pa kayo nagkakatuluyan?”

Nanlaki ang mga mata niya. “Are you crazy? Eh, parang magkapatid na lang kami n’on. We’ve known each other all our lives!”

“So, what stronger foundation is there for a relationship?” hindi natitinag na tanong nito.

Umiling siya. “You don’t get it, Bernie. I doubt if Jay-jay ever sees me as more than the girl he once knew in pigtails and ruffled panties. Never na mai-in love sa akin ’yon.”

“Never say never.” Nanunukso ang mga mata nito.